

Ano ang Smittestopp?

Ang Smittestopp ay isang app mula sa Norwegian Institute of Public Health (NIPH). Ginawa ito para makatulong na mapigilan ang pagkalat ng coronavirus sa lipunan. Ikaw ang magpapasya kung gagamitin o hindi ang app.

Kapag nagpasuri at ipinapakita nitong may coronavirus ka, puwede mong ipaalam ito sa ibang tao sa pamamagitan ng app. Ipapaalam sa kanila na maaaring nalantad sila sa impeksyon at bibigyan ng payo sa kung anong gagawin. Sa paraang ito, mapipigilan ng app na magkasakit ang mas marami pang tao. Hindi sinasabi ng app sa sinuman na ikaw ay nahawahan.

Paano paano mag-download ng Smittestopp app sa aking telepono?

- I-download ang app mula sa App Store o Google Play.
- Sa app, sundan ang mga panutong nasa screen.
- Kung hindi mo naintindihan ang nakasulat, humingi ng tulong sa isang tao na ipaliwanag ito sa iyo.

Paano gumagana ang Smittestopp app?

Kapag malapit ka sa isang taong mayroon ring app na naka-install sa kanyang telepono, magpapadala ng signal ang mga telepono sa isa't isa.

Kapag nasuring positibo sa coronavirus ang isang tao, matatandaan ng app na napalapit ang telepono mo sa taong may impeksiyon. Matapos nito, makakatanggap ka ng mensahe sa pamamagitan ng app na nagsasabi sa iyo sa kung ano ang dapat mong gawin. Makakapagpasiya ka rin kung ipapaalam mo o hindi sa ibang tao na nahawahan ka.

Kapag nakatanggap ka ng mensahe sa pamamagitan ng app, malalaman mo lang na nalantad ka sa impeksiyon, hindi sa kung sino ang may impeksiyon o kung saan mo nakuha ang impeksiyon. Hindi rin malalaman ng mga pampublikong awtoridad o pribadong indibidwal kung sino ka o kung saan ka nagpunta.

Privacy

- Dapat lampas 16 na taong gulang ka para magamit ang Smittestopp
- Ide-delete ang data na tungkol sa iyo matapos ang 14 na araw na wala kang kinakailangang gawin.
- Puwede mong i-delete sa app ang data na tungkol sa iyo anumang oras.
- Puwede mong i-delete ang app anumang oras.

Lumahok para ibalik sa dati ang pang-araw-araw na pamumuhay

